

ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoism

Espesyal na Isyu  
Marso 29, 2007

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

## Bakit matagumpay at hindi magagapi ang Bagong Hukbong Bayan at paano makasusulong ang digmang bayan tungo sa bago at mas mataas na antas

Mensahe ng Komite Sentral

Partido Komunista ng Pilipinas

Marso 29, 2007


**S**a okasyon ng ika-38 anibersaryo ng pagtatataag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), kami sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ay nagpupugay sa mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB sa kanilang matatag na paniindigan, pagpupunyagi, mga sakripsyong tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka. Iniuukol namin ang pinakamataas na parangal sa mga rebolusyonaryong martir at lahat ng kasamang nag-alay ng buong buhay nila sa rebolusyonaryong layuning maglingkod sa sambayanang Pilipino.

Pinagtibay natin ngayong araw ang panibagong kapasyahang isulong ang demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino sa pamuno ng uring manggagawa at ng Partido nito laban sa imperyalismong US at lokal na mga nagsasamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa. Determinado tayong kamtin ang ganap na tagumpay sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan na hahantong sa pagbagsak ng kontra-rebolusyonarong estado at pagtatataag ng demokratikong estadong bayan. Ang Bagong Hukbong Bayan ang pangunahing sandata

ng Partido at mamamayan sa armadong rebolusyon.

Masaya nating ipinagdiriwang ang mga natipong tagumpay ng BHB mula nang itatag ito noong Marso 29, 1969. Ikinagagalak natin ang taun-taong mga tagumpay ng BHB laban sa patakaran todo-gera ng rehimeng Arroyo sa kumpas ng US. Nabigo at nagapi ng BHB ang Oplan Bantay Laya I sa loob ng limang taon (2002-2006) at nasa proseso ito ng pagdudulot ng mas marami pang pamatay na dagok laban sa Oplan Bantay Laya II, na sinimulan ng kaaway pagpasok ng taong ito. Pero nagyayabang pa rin ang pinakamataas na upisyal ng rehimeng Arroyo at ng pwersang militar at pulis na madudurog nila kundi man mapawawalang-silbi ang BHB bago umalis sa pwesto si Arroyo sa 2010.

Bilang tugon sa mga duwag na atake at kayabangan ng kaaway, ilahad natin kung bakit nagtagatagumpay at di malulupig ang BHB sa konteksto ng obhetibong sitwasyon at pag-unlad ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyon. Pagkatapos ay tutukuyin natin ang mga bulwerabilidad at mahihinang bahagi ng naghaharing sistema at ipakikita kung paano natin kokonsentrahan ang mga ito ng mga opensibang pampulitika at militar upang lalong pahinain, ihiwalay at durugin ang kaaway at isulong ang digmang bayan tungo sa bago at mas mataas na antas.



## **I. Bakit nagtagumpay at di magagapi ang BHB?**

**D**i mapasusubaliang katotohanan sa kasaysayan na ang BHB ay lumaki mula sa 60 Pulang mandirigma na mayroon lamang siyam na ripeng awtomatik at 26 na mahihinang armas sa ikalawang distrito ng prubinsya ng Tarlac noong 1969 tungong ilang libong kalalakihan at kabaibhang may mga ripleng awomatik at iba pang malalakas na armas na nakakalat sa buong bansa. Katumbas sila ng ilang dibisyon at rehimyento, ilampung batalyon at kumpanya at ilandaang platon o daan-daang iskwad sa buong bansa. Nakapakat sila sa mahigit 120 larangang gerilya na sumasaklaw sa makabuluhang bahagi ng 70 prubinsya, 800 bayan o 10,000 sa 40,000 baryo sa Pilipinas.

Tinangka ng rehimeng Marcos na udlutin ang paglakas ng BHB noong mga taong 1969-1972, gamit ang mga *task force* na laking-dibisyon sa bawat rehiyon may lumilitaw na mga iskwad at sandatahang yunit pampropaganda ng BHB. Umabot pa ito sa pagdedeklarang batas militar noong 1972 at pagpapataw sa sambayanang Pilipino ng 14 na taong pasistang diktadura hanggang 1986. Pumatay ito ng ilampung libong mamamayan, iligal na nagpiit at nanortyur ng ilandaang libo at pwersahang nagpalikas ng limang milyong mamayan mula sa kanilang mga taahanan at sakahan. Subalit lumaki ang BHB dahil mismo sa labis na pang-aapi at pagsasamtala sa ilalim ng pasistang diktadurang Marcos.


Nalampasan at napangibabawan ng BHB ang ipinangalanda-kang mga kampanya ng panunupil na inilunsad ng mga rehimeng humalili kay Marcos, kabilang ang mga kampanya ng *low-intensity conflict* at estratehiyang *low-intensity democracy* ng rehimeng Aquino sa kumpas ng US. Animo'y nagtagumpay ang Lambat Bitag I, II at III noong dekada 1980 pero dahil lamang iyon sa malulubhang pag-kakamali ng mga ayaw magwastong "Kaliwang" oportunista na sumuong sa adbenturismo, sumira sa rebolusyonarong baseng masa at nagsagawa ng mga kriminal na pa-

nunugis para pagtakpan ang kani-lang mga pagkakamali, gayundin ng mga Kanang oportunistika na naghangad na wakasan ang digmang bayan at pumaloob sa reaksyuniaryong gubyerno, at nagtangkang magpalaganap ng Gorbachovismo, populismo, reportismo at liberalismo sa loob ng Partido. Subalit nanaig ang mga proletaryong rebolusyonaryo sa Partido at inilunsad nila ang Ikawalang Dakilang Kilusang Pagwawasto upang tukuyin, punahin, itakwil at iwasto ang malalaking kamalian, muling pagtibayin ang mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo at muling pasiglahin ang Partido at ang buong rebolusyonaryong kilusan.

Sa buong kasaysayan ng sambayanan Pilipino, ang BHB na ang naging pinakamalaki at pinakamalakas nilang hukbo. Nahigitan nito ang lakas na inabot ng rebolusyonaryong hukbong Pilipino noong lumang demokratikong rebolusyon laban sa kolonialismong Espanyol at noong digma laban sa imperyalismong US pagpasok ng ika-20 siglo. Nahigitan na rin ng BHB ang la-wak at lakas na inabot ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon (Hukbala-hap) noong Ikalawang Digmaang

Pandaigdig at ng sumunod na Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, na naigupo ng kaaway noong magagang bahagi ng dekada 1950.

Sa direksyon at impluwensya ng imperyalismong US, laluna ng patakarang pandaigdigang gera ng rehimeng Bush laban sa terorismo, ipinatupad ng rehimeng Arroyo ang patakarang todo-gera at inilunsad ang Oplan Bantay Laya na may deklaradong layuning durugin ang BHB at ang buong rebolusyonaryong kilusan. Nakakalimutan kapwa ng mga imperyalista at ng rehimeng Arroyo na ang rehimeng Marcos ay 14 na taong nagpataw ng pasis-tang diktadura noong maliit pa ang rebolusyonaryong kilusan at noong mas malaki pa ang pautang at ayu-



putusya at paramilitar. Sa kabilang lahat ng ito, hindi nadurog ng rehimeng Marcos ang baguhang rebolusyonaryong kilusan at bumagsak ang diktadura noong 1986 dulot ng mga hambalos ng hukbong bayan, ng rebolusyonaryong kilusang masa at ng mala-wak na oposisyong ligal.

Nahaharap ngayon ang rehi-  
meng Arroyo sa di hamak na mas  
malaki at mas malakas na BHB at  
sa isang kumprehensibong rebolu-  
syonaryong kilusang masa na mas  
mayaman ang karanasan at mas  
matalas ang kasanayan sa iba't  
ibang anyo ng pakikibaka. Wala  
nang iniuunlad at sumasahol pa  
ang mga pwersang militar at pulis  
ng rehimeng sa usapin ng bilang at  
kakayahang mga tauhan, pagsa-

sanay at kagamitan, sa kabilang ipinagyayabang na lumalaking ayudang militar at pagsasanay na ibinibigay ng mga pwersang militar ng US. Ang layunin noon ng Bantay Laya I ay ikonsentra ang mga pwersang militar at mga makilos na yunit ng pulisia sa 600 barangay sa anim na rehiyon sa bawat takdang panahon upang hanapin at durugin ang BHB at pagkatapos ay tumuloy sa 600 uling barangay para sa geyunding layunin. Pero 300 lamang sa 40,000 barangay ang kaya ni lang saklawin sa isang takdang panahon. Mas masahol ang kahihinan ng Bantay Laya II dahil sa ginagawa nitong militarisasyon at terorismo sa mga komunidad kapwa sa kanayunan at kalunsuran at sa pagsulot nito sa tungkulin ng pulisia at mga sibilyang upisyal sa ngalan ng "kaunlaran."

Hindi paborable sa rehimeng Arroyo ang obhetibong kalagayan sa daigdig. Sa kabilang banda, paborable naman ito sa rebolusyonaryong kilusan. Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay mabilis na pinalalim at pinalala ng tinaguriang pangmalayang pamilihang patakaran ng "globalisasyong neoliberal." Inakala ng US at iba pang tagagawa ng patakaran imperialista na ito ang solusyon sa suliranin ng *stagflation*<sup>1</sup> na isinisisi sa pakikialam ng estado sa ilalim ng pang-ekonomyang patakaranang Keynesian. Bumilis ang konsentrasyon at sentralisasyon ng kapital sa US at ilan pang bansa at humantong ito sa pandaigdigang depressoong pangunahing tumama sa mga atrasadong bansa. Sila ang pinakamalubhang nagdurusa sa papasohol na permanenteng krisis ng sobrang produksyon, tagibang na kalakalan at labis na pasaning utang. Ang ilusyon ng paglago ng

ekonomya sa mga impederalistang bansa at sa ilan pang ekonomya tulad ng China at India ay likha ng simpleng labas-masok ng pinansya. Subalit makikita sa tunay na ekonomyang pandaigdig ang palagiang pag-iral ng malawakang disempleado, lumalaking mga depisit at dimabayarang mga utang.

Pinalala pa ng rehimeng Bush ang krisis ng pandaigdigang sistema ng kapitalista sa pagtatangka nitong itulak ang produksyong industriyal at demand ng mga konsumero mula nang pumutok ang bula ng *high-tech* noong 2000 sa pamamigtan ng pagpapaibayo ng produksyong pandigma at paghikayat ng konsumerismo

batay sa pondong inutang sa labas ng bansa at mula sa bula ng pribadong pabahay (labis na pagpapalaki ng halaga ng mga pribadong bahay bilang kolateral sa mga pangkonsumong pangungutang). Ang mga atake noong 9/11 ay naging tuntungan ng pinaghalong "Keynesianismong militar" at "globalisasyong neoliberal" ni Bush. Subalit may hangganan din ang produksyong pandigma, pag-aangkat ng mga produktong pangkonsumo at konsumerismong nakasalalay sa utang at sobrang pagpepresyo sa mga sapi at *real estate*. Hindi nilulutas kundi pinalalala pa nga nito ang krisis ng sobrang produksyon at ang labis na pagbanat at ispektasyon sa pinansya.

Sa ngalan ng anti-terorismo mula pa noong 9/11, ang US ay nang-upat ng isteryang pandigma, nagtulak ng panunupil at pasismo sa buong mundo at naglunsad ng


interbensyong militar at mga gerang agresyon. Ngunit ang natrang mga gerang agresyon na naglayong umangkin ng mga mapagku-kunan at linya ng suplay ng langis ay nagsadlak sa US sa kumunoy sa Iraq. Ang alyansang US-NATO sa Afghanistan ay nahaharap din sa matinding paglaban ng nagpapanibagon-siglang Taliban. Dahil sa armadong paglaban ng mamamayan sa Iraq at Afghanistan, wala nang ma-kuhang ganansa ang US sa agresyon nito at nagdudulot na ito ng mabibigat na pasanin sa usapin ng kaswalti, kapwa yaong mga namatay at nasugatan, at pagkawala ng rekursong pampinansya na umaabot

na sa ilandaang bilyong dolyar.

Pinahina ng US ang sarili at mga alyado nito sa sobrang pagkabanat sa Middle East at Central Asia. Sa loob mismo ng mga rehiyong ito, lumalawak at tumitindi ang paglaban sa US at mga alyado nito. Magiting na nilalabanan ng mamamayan ng Palestine at Lebanon ang kumbinasyon ng imperialismong US at Zionismong Israeli. Pinangunahan naman ng China, Russia at mga kanugnog na bansa ang Shanghai Cooperation Organization para sa kooperasyong pang-ekonomya at kolektibong seguridad na labas sa kontrol ng US.

May lumalakas na agos ng mga digmang bayan sa South Asia, laluna sa India. Partikular sa Nepal, pinamumunuan ng partidong Maoista ang mamamayan at nagsisikap itong magtayo ng isang demokratikong republika bilang bunga ng digmang bayan. Sa East Asia, nala-lantad ang mga kahinaan ng US. Ginagamit nito ang murang paggawa sa China para sa mga inilalabas na operasyon ng mga kumpanyang

<sup>1</sup> Ang stagflation ay kalagayang pang-ekonomya na kinatatangian ng magkakasabay na pag-iral ng mabagal na paglago, pagtaas ng mga presyo at mataas na disemployo.



multinasunal subalit ang China at Japan naman ang inaasahan nitong bumili ng mga bono ng gubyernong US at tumustos sa mga inaangkat na pangkonsumo. Matagumpay na nakokontra ng mamamayan Korean at ng Democratic People's Republic of Korea ang imperialis-mong US at naihapag nila ang makatarungan nilang mga kahilingan. Kinailangan nitong hilingin ang tu-long ng China upang muling buhayin ang *six-party talks*.<sup>2</sup> Sa Pilipinas, patuloy ang sambayanang Filipino sa pagsusulong ng digmang bayan at pagpapakita na hindi sila mapipigil ng interbensyong militar ng US. Sa katunayan, taun-tao'y nalalantad ang kabiguan ng mga pwersang militar ng US na wasakin ang maliit na bandidong grupong Abu Sayyaf man lamang.

Sa Latin America, lumalakas sa hanay ng mamamayan ang anti-imperialistang tunguhin. Nakasakay sa agos na ito ang mga gubyerno ng Cuba, Venezuela at Bolivia. Tinututulan nila ang mga dikta ng US. Sinisikap nilang isulong ang pagsasabansa ng ekonomya at ang pagpapalawak ng empleyo at serbisyon ng panlipunan. Samantala, may ilang partido at organisasyong naghahandang maglunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sa Africa, patuloy na nagdurusa ang mamamayan sa malubhang krisis pang-ekonomya at pampulitika at nagpupunyagi silang labanan ang imperialismo at neokolonyalismo. May panlipunan at pampulitikang ligalig sa ilang bansa sa Africa. Ang gayong mga kundisyon ay mainam para sa paglitaw at paglakas ng mga rebolusyonaryong pwersa. Gumagawa ang China at

Russia ng mga diplomatikong inisyatiba sa kontinenteng ito habang masyadong abala ang US sa Iraq.

Di hamak na mas masahol kaysa kailanman ang krisis ng malakolonyal at malayudal na naghaharing sistema sa Pilipinas. Sa pagtalima sa patakarang "globalisasyong neoliberal" ng US, itinulak ng rehimeng Arroyo ang denasyunalisasyon, liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ng ekonomya ng Pilipinas sa kakinabangan ng mga dayuhang monopolyong interes sa pamumuhunan, kalakalan at pinansya. Tuluy-tuloy nitong isinusuko ang pam-



mapagsamantalang kapital at sobrang produkto. Lalo pang pinasalig ng rehimeng Arroyo ang ekonomya ng Pilipinas sa pagluluwas ng mga hilaw na materyales at mga manggagawa (kalakha'y kababaihan) at sa muling pag-eeksport ng mga malamanupakturang mababa ang dagdag-halaga. Sobra ang suplay sa pandaigdigang pamilihan ng naturing mga produktong ineeksport at naibebenta nang mas maramihan sa mas mababang presyo. Binabaha naman ang bansa ng mga yaring produkto ng manupaktura at agrikultura ng ibang bansa dahil sa masyadong pinababa o gabaryang mga taripa at dahil sa laganap na ismagling. Lumalaki nang lumalaki ang depisit sa kalakalan at badyet.

Gayunman, ang ilusyon ng lumalagong ekonomya ay nalilikha taun-taon ng papalaking gastos ng gubyerno at pagkonsumo ng iilang mayaman at maykaya. Napadaloy ang pinansya sa pamamagitan ng dagdag na pampublikong pangngutang sa loob at labas ng bansa at nitong huli, sa pamamagitan ng paniningil ng dagdag na buwis para mapunan ang lumalaking depisit sa kalakan at badyet at mabayaran ang nagpatung-patong na pagkakautang. Natural, sinusunggaban din ng rehimeng Arroyo ang dayuhang salaping kinikita ng mga kontraktwal na manggagawa sa iba-yong dagat para sa konsumo at iba pang layuning di produktibo. Lalo pa nitong binangkrap at inilugmok ang tunay na ekonomya ng Pilipinas at sinasagad na nito ngayon ang pangungutang at pagdaragdag ng buwis sa kalagayang lugmok ang ekonomya. Sa kalagayang ito, hindi na magagawa ng rehimeng palakihin at sapat na tustusan ang

<sup>2</sup> Ang six-party talks ay serye ng mga negosasyon sa pagitan ng Democratic People's Republic of Korea (North Korea), Republic of Korea (South Korea), China, US, Russia at Japan na nagsimula noong 2003. Layunin ng US sa pag-uusap ang pagpapatigil sa programang nukleyar ng North Korea. Iginigiit naman ng North Korea sa negosasyon na lubayan na ng US ang pagbabanta at panggigipit sa bansa.

reaksyunaryong hukbo at pulisia nang hindi pinalalala ang pang-ekonomya at panlipunang krisis.

Napakalaki at nagpapatung-patong ang disempreyo dahil sa ganap na kabiguang magpatupad ng patakaran ng pambansang industriyalisasyon at reforma sa lupa na makapagpapalago ng kapital at makalilikha ng empleyo. Bagsak at lumiliit pa ang kita, laluna ng masang anakpawis na mga manggawa at magsasaka. Samantala'y tumataas naman ang presyo ng mga batayang bilihin at serbisyo. Walang kasinlubha ang kagutuman. Sa partihan ng badyet, pinakamataas ang prayoridad ng rehimeng militar sa pagbabayad ng utang, gastusing militar at mga pang-imprastrukturang proyektong batbat ng katiwalian, habang kinakaltasan naman ang badyet sa edukasyon, kalusugan at pampublikong pabahay. Ang imprastruktura sa kanayunan ay tuluy-tuloy na nabubulok, habang gumagawa ng mga pakitang-taong proyektong pang-imprastruktura pangunahin na sa mga lunsod at mga lugar na panturista. Ang pangakong magpaunlad ng mga "super-region" sa pamamagitan ng mga proyektong pang-imprastruktura ay hindi pangako ng pag-unlad kundi oportunidad para sa korapsyon ng naghaharing pangkating Arroyo. Sa ilalim ni Arroyo, ang papet na gubernyo ay tinukoy na pinakatiwali sa buong Asia, at isa sa mga pinakatiwali sa buong mundo.

Laganap at malubha ang diskuntentong panlipunan sa hanay ng masang anakpawis at maging sa mga gitnang saray ng lipunan. Gu-magamit ang rehimeng Arroyo ng sukdulang dahas para supilin ang mga welga ng manggawa at mga ligal na kilos protesta ng malawak na masa ng sambayanan. Umabot ito sa sukdulang magdeklara ng batas militar na may manipis na balatkayo at nag-iimbento ito ng mga kaso laban sa malawak na nagkaka-


isang prente ng mga ligal na pwersang oposisyon. Sa ilalim ng Oplan Bantay Laya, nagpakat ito ng malaking pwersang militar at mga makilos na yunit ng pulisia sa mga hinihinalang larangang gerilya ng BHB upang magmasaker, mandakip, magpiit at manortyur ng mga mag-sasaka at pambansang minorya at pwersahin ang marami sa kanila na lisanin ang kanilang mga tahanan at sakahan sa pamamagitan ng panununog, panrrapido, pambobomba at panganganyon.

Pinasaklaw nito ang Oplan Bantay Laya hanggang sa mga lunsod kung saan sinosona at sinasayaw ng militar ang mga komunidad ng mga manggawa at maralita at ang mga paaralan laluna kung saan malakas ang mga progresibong grupong *party-list* at mga organisasyong masa, nangangampanya sila laban sa mga partido at organisasyong ito at tinutugis at ginigipit ang kanilang mga lider, kasapi at mga tagasuporta upang ipagkait sa kanila ang ligal at parlimentaryong larangan ng pakikibaka. Nagsasagawa ito ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at panonortyur sa mga di armadong aktibistang ligal, kabilang ang mga lider ng mga progresibong grupong *party-list*, mga lider ng masang manggawa, mag-sasaka, kababaihan at kabataan, mga taong-simbahan (kabilang ang isang obispo, maraming pari at pastor), mga abugado, doktor, tagapagtuguyod ng karapatang-tao at mga mamamahayag. Ang mga kahayupang ito ay ikinagagalit ng mamamayan sa Pilipinas at buong mundo.

Ang sosyo-ekonomikong krisis ay nagbunsod ng malubhang pamilitikang krisis sa hanay ng mga

reaksyunaryo ng talagang bulok na "matatag na republika." Umiigting ang mga tunggalian sa pagitan ng rehimeng Arroyo at ng mga wala sa poder dahil sa walang rendang pagpapayaman at pwersahang pangungunyapit nito sa poder. Bantog ang rehimeng militar sa harap-harapang pagpapakatuta sa imberyalistang interes, garapalang korapsyon at paggamit ng pandaraya sa eleksyon at terorismong estado laban sa lahat ng oposisyon at mga kritiko. Tinangka nitong baguhin ang konstitusyon 1987 ng reaksyunaryong gubyerno upang makapanatili sa poder sa pamamagitan ng pagbabago ng anyo ng gubyerno mula presidensyal tungong parlamentaryo, at upang pasayahan ang mga imberyalista sa pamamagitan ng pagpayag na mag-ari sila ng 100% sa anumang negosyo at muling magtagtag ng mga base militar sa territoryo ng Pilipinas. Lalo itong nagiging malupit sa harap ng lumalakas na paglaban ng malawak ng masa ng sambayanan at malawak na nagkakaisang prente. Ang kalupitan ng rehimeng Arroyo ay kumuha ng inspirasyon sa pandaidigang gera ng terorismo ni Bush.

Ang mga kontradicyon sa hanay ng iba't ibang reaksyunaryong paksyon sa pulitika ay sumasaklaw sa reaksyunaryong hukbo at pulisia. Nahahati ang mga ito sa kung sino ang kani-kanilang among pulitiko at sa kani-kanilang interes sa pag-nanakaw at mga sindikatong kriminal. Sa pagtatangkang sapawan ang paksunalismo at nag-iibayong mga tunguhing anti-Arroyo sa loob ng militar, inatasan at sinulsulan ng rehimeng militar at pulisia na gu-mawa ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot, pag-atake



sa mga komunidad at iba pang paglabag sa karapatang-tao laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamayan. Matapos sabotahehin ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at ng Guberno ng Republika ng Pilipinas mula noong 2001, kunwa'y nagdaos ang rehimeng Arroyo ng patay-sinding pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) at nagsalakay sa mga pwersa ng MILF. Sa paglulunsad ng mga atakeng militar sa mamayan Moro, sa MILF at sa hukbo ni-to, lalo't lalong nailalantad ng rehimeng Arroyo ang pagtanggi nitong kilalanin ang karapatan ng mamayan Moro na magpasya sa sarihi at ang karapatan nila sa mga lupang ninuno.

Desidido ang rehimeng Arroyo at mga loyalista nito sa militar at pulisa na mandaya at gumamit ng terorismo upang hindi makakuha ang oposisyon ng sapat na mga pwerto sa House of Representatives para ma-*impeach* si Arroyo at sa Senado para mahatulan siya. Nakahanda si Arroyo at ang kanyang mga establisimyentong panseguridad at militar na gamitin ang kapagtibay na Anti-Terror Law upang ideklarang iligal at supilin hindi lamang ang mga rebolusyonaryong pwersa kundi pati ang mga ligal na progresibong pwersa at mga pwersa ng konserbatibong oposisyon. Nakahanda silang hadlangan ang pagbangon ng malawak na nagkaisang prente at ng malawak na masa ng sambayanan para maglunsad ng mga kilos masa upang ibagsak ang rehimeng Arroyo. Nag-iingay sila ukol sa pagdurog sa PKP,



BHB at buong rebolusyonaryong kilusan bago sumapit ang 2010 upang mailatag ang tuntungan para pag-ibayuhin ang terorismo ng estado laban sa malawak na oposisyon at sa malawak na masa ng sambayanan.

Balak nilang gamitin ang Anti-Terror Law para magpataw ng batas militar nang hindi ito idinedeklarar at hindi umaayon sa konstitusyon

1987 upang matiyak na makapananatili at makatatalag sa poder ang naghaharing pangkating Arroyo sa pamamigtan ng pagrebisa sa konstitusyon 1987 matapos ang eleksyon 2007. Nagpakana si Arroyo para maging *prime minister* siya o sinumang pipiliin niya oras na mabago ang anyo ng gubyerno mula presidensyal tungong parlamentaryo. Upang magawa ito, kailangan niyang gamitin ang Anti-Terror Law para supilin ang mga armadong pwersang rebolusyonaryo at mga ligal na progresibong pwersa nang gayo'y mapigil ang pagkabuo ng epektibong malawak na oposisyon, mapahina at magawang inutil ang mga pwersa ng konserbatibong oposisyon at ang mga relatibong independiyenteng kritiko sa mga simbahan, samahang sibiko at propesyunal, negosyo at midya at mapatahimik sila sa kilabot na likhang walang tigil na lansakang paglabag sa karapatang-tao.

Gayunman, sobra ang taya ng rehimeng Arroyo sa kakayahang nitong igupo ang oposisyon at ang sambayanan. Tulad noong panahon ng pasistang diktadurang Marcos, hindi sila madudurog kundi lalo pa ngang maitutulak ng kasalukuyang rehimeng mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan at ng malawak na alyansa ng mga demo-

kratikong pwersa bunsod ng pagpaspahol nito sa saligang mapang-api at mapagsamantalang kalagayan ng Pilipinas. Hindi man sinsadsaya, si Arroyo at ang kanyang mga upisyal militar at pulis na ang pinakamahuhusay na tagarekrut ng BHB sa pamamagitan ng pag-atake sa mamayan at pagtulak sa kanila para umanib sa BHB. Sila na rin ang pinakamahuhusay na tagahakot at tagasuplay ng BHB sa pamamagitan ng pagkuha ng armas sa Pentagon at pagpapalabas ng kanilang tropa para matambangan ng BHB sa mga larangang gerilya at mga liblib na lugar.

Nagtatagumpay at hindi magapi ang mga rebolusyonaryong pwersa dahil ang malakolonyal at malupyudal na kalagayan sa Pilipinas ay naglalatag ng matabang lupa para lumakas at sumulong ang hukbong bayan at ang digmang bayan. Ang BHB ay kailangan ng sambayanang Pilipino, laluna ng mga manggagawa at magsasaka, hangga't sila ay inaapi at pinagsamantalahan ng tatlong halimaw, ang dayuhang monopolyo kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratang kapitalismo. Kung wala ang BHB, wala silang maipanlalaban sa kaaway. Ni wala silang pag-asang lumaya kung wala ang BHB. Batay sa obhetibong kalagayang labis na nagpahirap sa mamayan, lumalago at sumusulong ang mga suhetibong pwersa o mga organisadong pwersa ng rebolusyon.

Ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pinakamahalagang suhetibong salik kaya nagtagatagumpay at hindi magapigapi ang BHB. Ang rebolusyonaryong partidong ito ng proletaryado ay pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo. Inilalapat ito ng Partido sa pag-aaral sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas at ng mundo. Ikinikintal nito sa mga kadre at kasapi ng Par-

tido sa BHB at sa mga Pulang kumander at mandirigma ang diyalektiko-materyalistang paninindigan, pananaw at pamamaraan at binalbaka nito ang suhetibismo, mapadogmatismo man o empirisismo.

Pinalalaganap nito ang mga saligang teorya nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao hinggil sa kallikasan at kasaysayan ng tao, mga batas ng pag-iral ng kapitalismo at imperyalismo; mga aspetong pang-ekonomya, pampolitika at pangkultura ng lipunan; estado at rebolusyon; mapanirang katangian ng oportunismo, reformismo at rebisyunismo; estratehiya at taktika ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng digmang bayan; sosyalistang rebolusyon at konstruksyon; rebolusyong pangkultura sa lipunang sosyalista at pangkalahatang balangkas ng komunistang hinaharap. Tinitiyak ng tuluy-tuloy na pagrerekrut, pag-aaral at rebolusyonaryong pagkilos ng mga cadre at kasapi ng Partido na may di madudurog na bag-as ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa hukbong bayan at sa rebolusyonaryong kilusang masa.

Nilinaw ng Partido ang malaklonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino at ang katusong pangkalahatang linya ng bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon. Rekisito nito ang pagtatayo at wastong pagtangan sa Partido, hukbong bayan at nagkakaisang prente bilang tatlong makapangyarihang sandata ng rebolusyon Pilipino. Ang malinaw na pagsapol sa katangian ng lipunang Pilipino, kasalukuyang yugto ng rebolusyon, mga kaibigan at kaaway ng rebolusyon, mga pwersa at mga tungkulin ng rebolusyon at sosyalistang perspektiba ay garantiya laban sa mga kamalian ng Kanan at Kaliwang oportunismo.

Mapamumunuan ng Partido ang hukbong bayan at ang digmang bayan sa pagkakamit ng mga tagum-


pay hangga't tumatalima ito sa pang-ideolohiyang linya ng Marxismo-Leninismo laban sa suhetibismo; sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon laban sa oportunismo at sa pangorganisayong linya ng demokratikong sentralismo laban sa burukratismo at ultrademokrasya. Sinisiguro ng Partido na ito at ang iba pang rebolusyonaryong pwersa ay hindi madudurog, sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga cadre at kasapi ng Partido ay hindi nalalantad sa kaaway nang hindi kailangan at nang walang pag-iingat, kasabay ng tuluy-tuloy na pagpaunlad sa anti-imperyalista, antipyudal at antipasistang kilusang masa kung saan makapagrerekrut ng mga bagong kasapi ng Partido.

Sa proseso ng digmang bayan, ang BHB ang pangunahing instrumento para pukawin, organisahan at pakilusin ang masa sa kanayunan. Nagsasagawa ito ng reforma sa lupa upang makamit ng masang magsasaka ang rebolusyonaryong pagbabagong pang-ekonomya, panlipunan at pampolitika at tupdin ang pangunahing sangkap ng demokratikong rebolusyon. Naglulunsad ito ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka upang makasamsam ng armas at iba pang rekursong mula sa kaaway at nang gayo'y makapagpalawak at makapagpalakas pa para magapi ang kaaway. Katulong ito ng Partido sa pag-oorganisa ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika at mga samahan ng manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, mga bata at aktibistang pangkultura. Pinangungunaan nito ang mga kampanyang masa para sa pag-oorganisa ng sarili, edukasyong publico, reforma sa lupa, produksyon,

kalusugan at kalinisan, depensa at panloob na seguridad, pag-areglo ng mga alitan, palaro at mga pangkulturang aktibidad.

Ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka ang pinakamatibay na pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka at, kung tutuusin, sa lahat ng iba pang bagay. Sa antipyudal na nagkakaisang prente, ang Partido ay dapat sumalig pangunahin sa mga maralitang magsasaka at manggawang bukid. Dapat nitong kabilin ang mga panggitnang magsasaka at nyutralisahn ang mayaya-mang magsasaka. Dapat nitong samantalahan ang pagkakahati-hati ng mga panginoong maylupa upang pahinain at durugin ang kapangyarihan ng mga despotikong pang-noong maylupa. Makakasumpong tayo ng iba't ibang pagkakagrupo at iba't ibang antas ng pampolitikang kamalayan sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Tung-

kulin nating maki-pagkaisa sa kanila at itaas ang antas ng kanilang kamalayan at organisasyon alinsunod sa kanilang interes sa kag-yat na mga kalagayan at sa pangmata-galan.



Dapat kabilin ng alyansang manggagawa-magsasaka ang petiburgesyang lunsod upang mabuo ang progresibong alyansa. Makakabig naman ng progresibong alyansa ang pambansang burgesya upang mabuo ang patriyotikong alyansa laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Mapasasaklaw pa ang nagkakaisang prente para makasama ang mga di maaasahan at mabubuway na alyado mula sa mga uring reaksyunaryo upang mapabilis ang pagbubukod at paggapi sa pinakamasahol na re-

aksyunaryong paksyong nasa poder o ang paksyong pinakasunud-sunuran sa imperyalismo. Mapalalakas ang progresibo, patriyotiko at malawak na mabuway na alyansa para sa mga legal na anyo ng pakikibaka kung sa simula pa lamang ay may mala-kas na alyansang manggagawa-magsasa-ka na gumagana sa digmang bayan.

Kung tama ang linya ng Partido, patuloy na lalakas at magkakamit ng mga tagumpay ang BHB. Ngunit may mga pagkakamaling maaaring lumitaw sanhi ng mga paglihis sa linya. Gayon ang ikinagapi ng lumang pinagsanib na Partido Komunista at Sosyalista noong magang bahagi ng dekada 1950. Kinailangang ilunsad ng Partido ang Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto upang humalaw ng mga aral at muling itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas. May malulubha ring pagkakamali sa loob ng Partido noong dekada 1980. Kaya kinailangang ilunsad ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwa-

wasto upang humalaw ng mga aral. Lubos na naipamasas ng Partido ang kakayahang nitong tukuyin at iwasito ang mga pagkakamali at itaas ang kapasyahang lumaban at kakayahang mamamayan at lahat ng rebo-lusyonaryong pwersa.

Ang Partido ay nasa puno at bag-as ng Bagong Hukbong Bayan. Tinitiyak nitong ang pulitika ang may hawak sa barił. Nagtutuwang ang Partido at BHB sa pagsusulong ng pangkalahatang linyang pampolitika ng demokratikong rebolusyon at ng pangmasang linyang matuto sa masa, sumalig sa kanila at pakilusin sila upang gumanap ng mga rebolusyonaryong tungkulin. Sa loob ng Partido at ng BHB, nagdaraos ng pana-panahon at napapanahong mga pulong para mag-arat, maglagom, magtasa ng gawain at magpunahan. Kaya napalalakas at nahahasa ng Partido at BHB ang kanilang sarili bilang mga sandata ng sambayanan laban sa kasalukuyang kaaway at sa buong naghaharing sistema.



## II. Paano tutukuyin at aatakehin ang mahihinang bahagi ng sistema

Tila masyadong solido, matibay at di matitinag ang tatlong halimaw, ang dayuhang monopolyo kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukrata kapitalismo, na nang-aapi at nagsasamantala sa sambayanan ng Pilipino. Ngunit sa katotohanan ay binubulok at pinarurupok nila ang buong naghaharing sistema. Bawat isa sa mga halimaw ay lubhang hirit, mahahati at may mahihinang bahaging nakakalat sa buong bansa. Sa akwil, ang malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema ay mabuway at maigugupo sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Matutukoy natin ang mahihinang bahagi ng sistema at maitatakda ang mga ito bilang mga target na mapagkokonsetrahan natin ng atake.

Ang imperyalismong US ang pangunahing nagtatakda ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino. Nang bumaling ang US mula sa tuwirang kolonyal na paghahari patungong malakolonyal na paghahari noong 1946, ginawa nitong malaya sa salita ang Pilipinas at ipinasa nito ang pambansang pamamahala sa matataas na pulitiko at burukrata ng mga lokal na nagsasamantala nguri, na sa kabuuan ay nagkakaisang maglingkod sa monopolyo kapitalismong US at sa sariling interes habang pinag-aagawan nila ang kapangyarihang pampolitika sa

ngalan ng demokrasyang burges. Ngunit tiniyak ng US na lahatang panig pa rin nitong makokontrol ang Pilipinas—sa ekonomya, pulitika, militar, kultura at ugnayang panlabas.

Ang kontrol sa militar ang punto't dulo ng paghahari ng US sa Pilipinas. Tuluy-tuloy nitong kinokontrol ang papet na estado ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay ng indoktrinasyon, estratehikong plano, pagsasanay sa mga upisyal, kagamitan at iba pang


suplay sa reaksyunaryong hukbo at pulisia. Hanggang noong 1991, may mga base militar ang US sa Pilipinas. Ngunit kahit wala na ang mga iyon, hindi ito tumigil sa paninikti sa bansa gamit ang malalapit na base militar ng US, mga *spy satellite*, mga istasyon ng radar at *loran*,<sup>3</sup> pagpapatrulya sa ere at karagatan at mga ahenteng paniktik sa reaksyunaryong hukbo at pulisia, sa buong burukrasya at sa iba't ibang *non-government organization* (NGO) at institusyon. Gamit na sangkalan ang kasunduang ipagtanggol ang isa't isa, anumang oras ay maaaring salakayin at sakupin ng US ang Pilipinas. Ngayon mismo, nakapagsasagawa ito ng interbensyon militar at nakapagpapakat ng mga tropang Amerikano sa anumang haba ng panahon at anumang saklaw gamit ang iba't ibang sangkalan, kabilang ang anti-terorismo, magkasainib na pagsasanay militar, aksyong sibiko, gawaing makatao, pagtulong sa mga biktima ng sakuna, at mga misyon

<sup>3</sup> Ang *loran* (long-range navigation) ay isang sistema ng paggamit ng radyo para tutukuyin ang kinaroroohan ng isang barko o eroplano gaano man ito kalayo.

laban sa droga at epidemya. Kama-kailan ay ipinamarali ng US ang kasingalingang lumalaganap umano ang produksyon at pangangalak ng iligal na droga sa mga erya ng BHB at MILF at ginagamit itong sangkalan para pag-ibayuhin pa ang interbensyong militar at paniniktit ng US sa Pilipinas.

Mula noong maganap ang 9/11, sangkot na ang US sa malawakang interbensyong militar sa Pilipinas, gamit na sangkalan ang paglaban sa terorismo sa "ikalawang larangan" ng tinaguriang pandigdigang gera laban sa terorismo. Kunwa'y tinutugis nito ang bandidong grupong Abu Sayyaf, na binuo ng CIA at ng Philippine Army noong 1992 upang ipanlaban sa Moro National Liberation Front. Tuluy-tuloy na pinararami ng US ang mga tropa nito at ipinapakat sila sa iba't ibang bahagi ng bansa, laluna sa mga lugar na kala-pit at nasa loob ng mga larangang gerilya ng BHB. Nakikipagtulungan ang mga tropa ng US sa mga papet na tropa ng Pilipinas hindi lamang sa pagsasanay militar kundi pati sa paniniktit, pagtao sa mga detatsment at pagpapatrulya, at pagsama sa mga tropang papet sa mga operasyong pangkombat. May lumalaking posibilidad na ang interbensyong militar ng US ay maging gerang agresyon at ang kasalukuyang rebolusyonaryong gera sibil ay maging pambansang digma laban sa dayuhang agresyon.

Masyado nang natambakan ng pautang ng mga dayuhang monopolyo kapitalista ang Pilipinas kaya mas malaking tubo na ang nakukuha nila mula sa bayad-utang kaysa kita mula sa tuwirang pamumuhunan. Syempre, pumipiga pa rin sila ng tubo mula sa tuwirang pamumu-



hunan sa iba't ibang tipo ng negosyo at sa tagibang na palitan ng inaangkat na produkto ng manu-paktura at ng iniluluwas na hilaw na materyales at mga produktong mababa ang dagdag-halaga. Ang lumalaking deposit sa *current accounts*<sup>4</sup> ay nagbunga ng dambuhang utang panlabas na lalong naging mahirap bayaran. Lagi namang nais ng mga bangko at kumpanyang multinasyunal na ipagpalit ang mga pautang sa mga sapi sa

mga korporasyong Pilipino at magpala-ki ng pamumuhunan sa produksyon ng hilaw na materyales (mineral at agrikultural), produksyon at distribusyon ng langis, transporta-syon at komunika-syon, konstruksyon, kalakalan at iba pa. Kaya naman nais ng rehimeng Arroyo na baguhin ang konstitusyon 1987 upang pahintulutan ang US at iba pang dayuhang monopolyong korporasyon na mag-ari ng anumang negosyo nang walang limitasyon.

Ang pagmimina, pagtotoreso at operasyong agrikultural para sa eksport ng mga kumpanyang multinasyunal at malalaking kumprador ay kabilang sa pinakamapagsaman-tala at mapandambong na mga aktibidad. Ngunit ang mga ito ay nasa kanayunan at siyang pinakabulnerable sa mga aksyon ng mama-mayan at ng BHB. Dapat isara ang mga minahang ari ng mga dayuhan dahil lumaganap ang mga ito nang labag sa soberanyang pang-eko-nomya at pambansang patrimonya sa ilalim ng kasuklam-suklam na Mining Act of 1995. Tinatangay niila ang mga di na mapapalitang li-

kas na yaman ng bansa at sinasalanta nila ang kapaligiran at ang buong kinabukasang pang-ekonomiya at panlipunan ng sambayanan. Dapat ding ganap na itigil ang pagtotoreso para sa eksport dahil sinisira nito ang kapaligiran at nagbubunsod ito ng malawakang pag-baha at tagtuyot.

Ang malawak na lupaing pag-aari o kontrolado ng mga agrikultural na korporasyong dayuhan at malaking kumprador na nagpoproduyus at nag-eeksport ng iba't ibang produktong agrikultural ay dapat paghati-hatiin upang mapigilan ang mga nagsasamantalang dayuhan na makaangkin at makakontrol ng lupain, mabigyang-daan ang reforma sa lupa sa kapakinabangan ng mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, maipatupad ang mga karapatang pang-unyon at makatwirang pasahod sa mga manggagawang bukid, mapalaya ang mga nag-aari ng maliliit at katamtamang lupain sa saklot ng mga di makatarungang kasunduan sa taniman, at mabigyang-daan ang makatwirang dami ng Pilipinong negosyo sa agrikultura. Ang pagtatayo ng mga dam para sa kuryente, mga sistema ng patubig, mga kalsada at tulay ay hindi dapat gamiting tuntungan para agawan ng lupa ang mahihirap na magsaska at mga pambansang minorya, sinain ang pinagmumulan ng kani-lang kabuhayan at ang kapaligiran, at palawakin ang mga lupang pag-aari ng malalaking korporasyong dayuhan at lokal na malalaking panginoong maylupa.


Walang awang pinipiga ng mga higanteng kumpanya ng langis ng US at iba pang dayuhan ang mama-mayan sa pagtataas ng presyo ng langis. Dapat umaksyon ang mama-mayan at ang BHB laban sa kasiba-

<sup>4</sup> Ang current accounts ay ang sumada ng halagang lumabas at pumasok sa isang bansa sa anyo ng kalakal, serbisyo, utang at bayad-utang, pamumuhunan, dibiendo sa mga sapi at remitans ng mga migranteng manggagawa.

an ng mga dayuhang kumpanyang ito at bigyang-daan ang pagsasabansa ng industriya ng langis. Dapat din nilang labanan ang tinaguiriang mga independiyenteng prodyuser ng kuryente sa labis nilang pagpepresyo sa kanilang mga planta at pakikinabang nila sa mga pa-utang na garantisado ng estado at sa labis nilang pagpapamahal ng kuryente. Dapat nating pag-aralan kung paano lilikhain ang kundisyon para sa pagsasabansa ng paghahanap at produksyon ng langis sa Pilipinas.

Karamihan at kalauna'y lahat ng dayuhan at lokal na mga kumpanyang malaking kumprador sa anumang negosyo, kabilang ang paghahanap, produksyon at distribusyon ng gas at langis, produksyon ng kuryente, manupaktura, transportasyon at komunikasyon, konstruksyon, kala-kalan, turismo, *real state* at iba pang negosyo ay may mga instalasyon, bodega, garahe ng sasakyen at mga linya ng deliberi sa loob at kalapit ng mga teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan. Lahat ng ito ay dapat tumalima sa mga batas at regulasyon ng gubyernong bayan. Kapag may lumalabag o tumatangging makipag-usap sa mga rebolusyunaryong awtoridad, patawan sila ng karampatang akasyon ng taumbayan at ng BHB.

Kung handa na ang mga Pilipinong negosyante na angkinin ang mga empresang ari ng mga dayuhan, maari silang suportahan ng mamamayan at mga rebolusyunaryong pwersa sa diwa ng pagsusulong ng nasyunalisasyon ng ekonomya at pakikibaka para sa pambansang kalayaan laban sa dayuhang paghahari. Maaaring gawin ang lahat ng pagsikap upang pa-



boran ang mga Pilipinong negosyante at palayasin ang mga dayuhang monoployong interes, laluna ng US. Anuman ang nasyunalidad ng mga may-ari, ang isang empresang kapaki-pakinabang sa mama-mayan ngunit hindi makukumpiska ng mga Pilipino ay maaaring pa-hintulutang magpatuloy, basta't susunod ito sa mga batas at regulasyon ng demokratikong gubyernong bayan. Sa lahat ng mga ito, dapat itaguyod at ipagtanggol ang mga karapatan ng mga manggagawa at mga unyon.

Rebolusyong agraryo ang paraan para mapukaw, maorganisa at mapakilos ang pinakamalaking uri ng mamamayan sa Pilipinas, sa partikular ang mga maralita at mababang panggitnang magsasaka, para umaksyon laban sa mga pyudal na ari-arian at tupdin ang pangunahing sangkap ng demokratikong rebolusyon. Dapat nating pangunahan ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo at tugunan ang malaon nang karaangan ng mga magsasaka laban sa mga huwad na programang repara sa lupa at laban sa patuloy na reaksyunaryong pagwawalambahala sa repara sa lupa sa ilalim ng "globalisasyong neoliberal." Dapat gumawa ng mga pag-aaral at mga desisyon upang maitaas ang antas ng repara sa lupa mula sa minimum na programa ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura at pagkontrol sa interes ng pautang, pagpapataas ng sahog ng manggagawang bukid, pagpapataas ng presyo ng mga produkto ng magsasaka at pagtata-guyod ng agrikultura at mga karagdagang mapagkakaitaan sa pamamagitan ng mga panimulang anyo ng kooperasyon.

May malawak tayong karanasan

sa pagpapalayas ng mga mangangamkam ng lupa sa mga liblib na lugar, pagsasauli ng kinamkam na lupa sa mga magsasakang may-ari at pangungumpisa ng lupa ng mga piling despotikong panginoong maylupang kinamumuhian ng mamayan. Ang pangungumpisa ng mga lupain ay maisasakatuparan kung magiging determinado ang mga magsasaka na ipagkait ang upa sa panginoong maylupa at kung hahadlangan ng mamayan sa kalahatan at ng BHB ang pagpasok ng mga katiwala at iba pang tauhan ng panginoong maylupa.

Kung gagamit ng dahas ang panginoong maylupa laban sa mga magsasaka, maaaring atasan ng gubyernong bayan ang BHB na arrestuhin, litisin at parusahan ang mga panginoong maylupang may kriminal na pananagutan. Kapag ang mga panginoong maylupa ay armado at may mga armadong gwardya, makatwirang gumamit ng pwersa ang BHB at gawin ang lahat ng posibleng paraan upang patawan ng hustisya ang naturang mga panginoong maylupa.

Maaaring pagsikapan ang kumpiskasyon ng mga lupang tinatamanan ng palay, mais at iba pang pangunahing pananim sa mga lugar kung saan matagumpay nang nai-patupad ang minimum na repara sa lupa sa malawak na saklaw. Pwedeng-pwede nating gawing target ng kumpiskasyon ang mga lupa ng pinakamalalaki at pinakadespotikong mga panginoong maylupa. Mapag-aaralan at maisasagawa natin ang mas malawakang kumpiskasyon sa pamamagitan ng pagtarget sa mga lupang mas malaki sa 50 ektarya, basta't sumusunod sa mga batas at regulasyon ng gubyernong bayan ang mga panginoong maylupang mas maliit sa 50 ektarya ang pag-aari. Dapat nating paghandaan nang husto ang pagsasaayos ng pantay na pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang walang lupa,

mga pasilidad sa pautang na sumunsod sa mga patakaran itinakdang samahang magsasaka at gubyernong bayan, at mga simpleng anyo ng kooperasyon kabilang ang paliwan ng paggawa upang mapataas ang produksyon at mabawasan ang gastos sa produksyon at pagbebenta ng produkto.

Sa kaso ng mga lupang natatamnan ng tubo at niyog, na nangangailangan ng sentral na gilingan, dapat tiyaking makaalyado natin ang mga may-ari ng gilingan o ang ilang panginoong maylupang makapagpoproseso ng produkto. Dapat nating tiyaking nakukuha ng mga kasama at manggagawang bukid ang nararapat nilang parte sa kita mula sa benta ng produkto. Dapat din natin silang hikayating magtanim ng mga pangunahing pananim sa ilang bahagi ng lupa. Pwede pa nilang palawakin ang tinatamnan ng mga pangunahing pangkonsumong pananim kung malamang na kapusin ang salaping kitain nila sa tubo at niyog. May malalaking plantasyong nakatuon sa eksport na mas mainam na kumpiskahan ng mga magsasaka para sa reforma sa lupa at produksyon ng pagkain para sa lokal na pamilihan.

Dapat tayong magpatuloy sa antipyudal na linya ng pagsalig ngunahan sa maralitang magsasaka at manggagawang bukid, pagkabig sa mga panggitnang magsasaka, pagnyutralisa sa mayayamang magsasaka at pagsamtala sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga panginoong maylupa para ihiwalay at durugin ang kapangyarian ng malalaki at despotikong panginoong maylupa. Oras na may mangyaring kumpiskasyon ng lupa ng mga panginoong maylupa saan mang lugar, maaasahan nating aatakehin ng kaaway ang mga magsasaka. Subalit mananaig ang masang magsasaka at di magkakaroon ng sapat na lakas ang kaaway para agawin ang inisyatiba. Sa kalaunan, maita-


tayo at mapagagana natin ang mga organo ng gubyernong bayan sa munisipal hanggang prubinsyal na antas, sa tulong ng petiburgesyang lunsod at panggitnang burgesya, kung unang-una na'y malawakang maagaw ng masang magsasaka ang kapangyarian at mga lupain sa mga baryo sa pamumuno ng Partido at sa suporta ng BHB.

Sa direksyon ng imperialisong US, mula pagpasok ng 2002 ay iniutos ng rehimeng Arroyo sa reaksyunaryong hukbo at pulisia sa ilalim ng Oplan Bantay Laya na drugin ang buong rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagatake sa ilang larangang gerilya sa bawat takdang panahon at paglulunsad ng mga operasyong militar na tinaguriang *clear-hold-consolidate-develop* (o tinatawag nila ngayong *win-hold-win*) na kinasangkutan ng mga masaker, malawakang pananakot at pwersahang pagpapalikas ng mamamayan (na ngayo'y bumibilang na ng 3.2 milyon, kung saan mahigit kalahati ay napalikas sa panahon ng rehimeng Arroyo), at kaalinsabay ay naglulunsad ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot at pagtortiyur sa mga di armadong aktibistang binabansagang "komunista" at "kaaway ng estado." Sa mabangis na kampanya ng madudugong intriga, pinalalabas ng rehimeng Arroyo ang mga pinatay ng sarili nitong mga ispesyal na tim o *death squad* ay mga biktima ng "purgahan" sa loob ng PKP at BHB.

Bunsod ng pagpaslang sa daandaaang di-armadong aktibistang ligal, kabilang ang mga lider masa, taong simbahan, mga abugado, mamamahayag at aktibista sa karapatang-tao, inaani ng rehimeng Ar-

royo ang galit ng malawak na masa ng sambayanan at ng mga respetadong institusyon sa Pilipinas at sa buong mundo. Ang mga internasyunal na pagsisiyasat ng mga institusyon at organisasyong pangkarapatang-tao, sibiko at relihiyoso, at ng mga *special rapporteur* ng mga internasyunal na kapulungan sa karapatang-tao ay nakinig at nagberipika sa mga testimonya ng mga buhay na biktima, mga saksi at mga kaanak, kasamahan at kaiibigan ng mga pinaslang. Napansin nila ang padron ng reaksyunaryong hukbo at pulisia na bansagan munang "komunista" o "kaaway ng estado" ang target na biktimahin at pagkatapos ay "nyutralisahn," na ang ibig sabihin ay patayin ito at ibintang ang krimen sa BHB. Ayaw akuin ni Arroyo ang *command responsibility* sa mga ito bilang *commander in chief* ng AFP, at hindi niya pinananagot ang mga nakababaang kumander sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang at pagdukot

sa kani-kanilang nasasakupan. Gayon na lamang ang kani-lang arogansya at pagkalasing sa kapangyarian kaya garapalan nilang pinapatay ang mga testigo at mga tumulong sa mga imbestigasyon sa mga pamamaslang.



Sa kabilang malinaw nilang *command responsibility* at pagkakalantad ng kanilang pananagutan sa mga karumal-dumal na krimen, inulit-ulit pa rin ni Arroyo at ng kanyang mga alipures sa militar at pulisia ang kasinungalignan at intriga ng nagpapatayang mga komunista at gayundin ang mga mandrigma ng BHB. Patuloy silang umasa na madudurog nila ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagpatay sa mga hinihin-

lang kasapi nito at pagkatapos ay pagpapalabas na ito mismo ang sumisira sa sarili. Mukhang magaling ang maruming taktika ng rehimeng Arroyo. Ngunit sa katunaya'y itinutak tulak tayo nitong madaliin ang mga hakbangin para mabigyang-katarungan ang mga biktima at ang mga pumatay sa kanila. Samantala, habang ginagawa pa natin ang mga kinakailangang paghahanda para sa mga makatarungang aksyon laban sa mga brutal na kaaway, patuloy sila sa pamamaslang ng mga tao at pagbubunton ng sisi sa atin. Nabibigo ang madugo nilang intriga laluna kapag pinatalabas nilang ang mga nagkamaling kampanyang anti-impilrasyon mahigit 20 taon na ang nakalilipas ay mapalilitaw bilang nagpapatuloy na "panloob na purgahan," at habang patuloy sila sa pag-iimbento ng mga "testimony" at paulit-ulit na paggamit at paglilipat-lipat ng mga "ebidensya" mula sa mga cementeryong pangkomunidad sa mga liblib na baryo at sa iba't ibang "mass grave."

Batid ng lahat ng nakapag-aran sa kasaysayan ng PKP na sa pamagitan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, isang kampanyang pang-edukasyon na inilunsad ng Komite Sentral ng Partido noong 1992, pinuna at kinundena ng PKP ang hibang na mga kampanyang anti-impormer na kalakha'y naganap noong 1985 hanggang 1988, katulad ng Kampanyang Ahos, OPML at iba pa. Tumiwalag sa PKP para tumakas sa pananagutan ang iilang pinakaresponsable sa mga krimeng ito, nagbuo sila ng mga grupong anti-PKP at naghanap ng empleyo sa reaksyunaryong sistema. Kilalang mahigpit na tumatalima ang PKP sa prinsipyong karampatang proseso sa mga kasong administratibo ukol sa disciplina sa hanay nito at sa mga kasong kriminal na nakahapag sa hukumang bayan. Alam ng malawak na masa ng

sambayanan at natukoy maging ng mga *special rapporteur* ng UN na ang rehimeng Arroyo at ang militar at pulisia nito ay nag-iimbento ng mga "ebidensya" at nagsisinungaling kapag tinatangka nilang manlito sa pamamagitan ng paghahaintulad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong dekada 1990 sa kahibangang anti-impormer sa ilang lugar noong dekada 1980, at palabasing nagpapatuloy ang "purgahan."

Bilang resulta ng malubhang sosy-ekonomiko at pampolitikang krisis ng naghaharing sistema, laluna matapos itong mandaya sa eleksyon at maghaisik ng terorismo noong 2004, wala nang ibang inisip ang rehimeng Arroyo kundi ang makapanatili sa poder sa harap ng malawakang panawagang pataksikan ito at sadya nitong ginagamit ang mga islogang anti-komunista at anti-terorista upang sumipsip sa imperialismong US at mga lokal na nagsasanmantalang uri. Tinatantya nito na mas madali nitong makokontrol o mapaluluhod ang konserbatibong oposisyon kung madudurog o mapaparalisa lamang nito ang rebolusyonaryong kilusan o kahit man lamang ang mga progresibong pwersang ligal sa pamamagitan ng pamamaslang. Kaya lalo itong nagiging marahas hindi lamang laban sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa sa mga hinihinalang larangang gerilya, kundi maging sa mga patriyotiko at progresibong pwersang ligal.

Ang problema ng rehimeng Arroyo ay ang sukdulang galit ng mamamayan sa lansakang paglabag nito sa karapatang-tao. Lalo pang lumakas ngayon ang malawak na nagkakaisang prente laban sa rehi-


men. Sa halip na magpakatino, la-lo pang naging arogante at marahas ang rehimeng. Labis itong sumasalig sa paggamit sa mga pamwersang makinarya ng estado (militar, pulisia, mga korte at bilangguan) at gumon ito sa paggamit ng pwersa kahit sa malawak na oposisyon ligal at taumbayan.

Ginatungan ng pangkating Arroyo ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo. Maaasanhan nating lalo pang iiting at ma-

giging madugo ang kanilang tunggalian pagkatapos ng eleksyon 2007. Ang mga nagtutunggalang reaksyunaryo ay may mga pribadong armadong grupo at kani-kanilang pak-syon sa hanay ng mga upisyal ng AFP at PNP. Nag-iibayo ang pandarahas nila

sa isa't isa. Sa harap ng madugo nilang salpuhan sa loob ng naghaharing sistema, dapat nating paigtingin ang mga taktikal na opensiba at itaas ang antas ng digmang bayan. Dapat nating samantalahan ang mga bitak sa naghaharing sistema at ang pangkalahatang kahinaan nito. At dapat din nating makita na tinatangka ng rehimeng Arroyo na linlangain ang mga rebolusyonaryong pwersang Moro at nagsasagawa ito ng mga sorpresang atake sa kanila. Dapat nating hikayatin ang mamamayang Moro na magsikhay sa armadong pakikibaka para sa pagpapasya sa sarili. Makabuluhang nakapag-ambag ang kanilang armadong pakikibaka sa pagpapahina sa kasalukuyang rehimeng at sa buong naghaharing sistema. Dapat nating patatagin ang ating pakikipag-alyansa, pakikipagtulungan at koordinasyon sa mga rebolusyonaryong pwersa ng mamamayang Moro.

Ang pinakasimple at pinakama-




husay na paraan para masamantala ang pagkakahati at kabuwayan ng naghaharing sistema ay ang pagtutuon ng bigwas sa naghaharing pangkating Arroyo at mga alipures nitong traydor, mamamatay-tao at manonortyur, mandaramdong, mag-nanakaw at mandaraya sa elekson. Sumisigaw ng katarungan ang malawak na masa ng sambayanan at mga kaanak ng mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao. Sa bawat antas, dapat iutos ng humumang bayan ang pag-aresto sa mga suspectadong kriminal. Mula rito, makakikilos na ang BHB at mga katuwang na pwersa para manmanan, dakpin at sagupain sila kung sila ay armado o protektado ng mga armadong tauhan o ayaw magpaaresto. Hindi maaaring sabihing walang laban ang mamaayan at ang BHB sa mga gumagamit ng terorismo ng estado laban sa kanila.

Dapat may listahan ng prayoridad sa *standing order* ng mga suspek na aarestuhin o sagupain kung sila at/o ang mga kasamahan nila ay armado at mapanganib. Ang pinakamataas na prayoridad ay dapat ilaan sa mga responsible sa ekstrahudisyal na pagpatay, pagdukot at pagtortyur. Dahil ang mga aktwal na lumalabag sa karapatang-tao ay kadalasang nakamaskara, ang dapat panagutin ng BHB sa kriminal na responsibilidad ay iyong mga may *command responsibility*, mula sa antas ng *commander in chief* at mga kasapakat niya sa Cabinet Oversight Committee on Internal Security hanggang sa bawat naka-bababang antas ng kumand. Kalinsabay, dapat pagsikapang kapaglunsad ng kontra-paniktik sa mga *death squad* o ispesyal na tim-

habang nasa operasyon sila o kapag ipinaparada nila ang kanilang mga motorsiklo o *van* sa mga kampo o *safehouse* ng kaaway.

Para matiyak na mabibigyan ng katarungan ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao, yaong mga pinaka-nagmamasakit sa biktima at pinaka-determinadong gumanti sa kaaway ay maaaring katulungan sa kaukulang paniniktitik at pagmamanman. Ang makahayop na mga atake laban sa mga lider at aktibista ng mga demokratikong partido at organisasyon at laban sa mamamayan kapwa sa kalunsuran at kanayunan ay nagtutulak sa ating lahat na pabilisin ang rekrument sa BHB at maagap na magla-an ng mga kinakailangang kanlungan at angkop na organisasyon at gawain para sa mga nanganganib na patayin o dakpin ng mga pwersa ng kaaway. Dapat bigyan ng prayoridad sa pulitiko-militar na pag-sasanay ang mga kasamahan, kamag-anak, katrabahang at kaibigan ng mga biktima na nag-nanaais umanib sa libhim na rebolusyonaryong kilusan o sa BHB. Makahahalaw tayo ng mga positibong resulta sa kabayanihan ng mga biktima.

Mapabilis natin ang pagpapatawan ng rebolusyonaryong hustisia sa mga responsible sa mga karumal-dumal na paglabag sa karapatang-tao. Sila mismo ay bulnerable dahil ang kanilang arogansya sa kapangyarihan ay karaniwang nagpapakampante sa kanila at hindi naman sila laging nasa protekyon ng mga kasapakat nilang kriminal. Pwedeng tayong magpatulong sa mga elementong anti-Arroyo sa hanay ng militar at pulisia sa pagtukoy o maging sa pagpaparusa sa naturing mga kriminal.



Dapat tayong magpunyagi sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan alinsunod sa linya ng bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon. Dapat nating kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan at dapat tayong mag-ipon ng armadong lakas hanggang sapat na ito para maagaw natin ang kapangyarihan sa mga lunsod at sa buong bansa. Inaasahan nating daraan tayo sa tatlong malamang na yugto: ang estratehikong depensiba (habang ang kaaway ay nasa estratehikong opensiba), estratehikong pagkapatas (kapag humigit-kumulang ay pantay na ang lakas natin at ng kaaway) at estratehikong opensiba (kapag ang kaaway ay nasa estratehikong depensiba na).

Habang tayo'y nasa estratehikong depensiba, binabago natin ang timbang ng lakas sa pamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, pagsamsam ng armas mula sa kaaway at pagpadugo sa kanya sa libong sugat. Sa harap ng pinaigting na todo-gerila at pasistang pananalakay ng rehimeng Arroyo, itinatakda natin ang sumusunod na mga sentral na tungkulin sa kasalukuyan: ang pagpapaigting ng ating pakidigmang gerilya; ang pagbigo at paggapi sa Oplan Bantay-Laya II; ang pakikibaka upang patalsikin ang rehimeng Arroyo; at ang ibayong pagpapalakas at pagsusulong ng armadong rebolusyon.

Ang pagpapaigting ng ating pakidigmang gerilya upang biguin at labanan ang mga pasistang atake at terorismo ng rehimeng Arroyo ang pinakamahalaga sa mahihigpit nating tungkulin. Dapat tayong maglunsad ng mas madalas na mga taktikal na opensiba sa bawat rehiyon, prubinsya at laranangan, laluna sa mga lugar kung saan mas malaki at mas malakas ang mga rebolusyonaryong pwersa. Dapat nating dulutan ng mas mabibi-

gat na dagok ang pasistang kaaway nang mas madalas kaysa pagbigwas nito sa hukbong bayan. Maaagaw at mapanghahawakan ng BHB ang inisyatiba sa labanan sa pamamagitan ng marami, madalas at malaganap na taktikal na opensiba.

Dapat nating bigyan ng higit na tutok at pagsisikap ang mga taktikal na opensibang may mala-king ibubunga sa pulitika. Dapat nating masapol na ang bawat isang taktikal na opensiba at laban ay nag-aambag sa ating propaganda. Sa harap ng lumalalang krisis at mas maiigting na labanan sa pulitika ngayong taon at sa mga nalalabing taon ng rehimeng Arroyo, may natatanging kabuluhan ang mga pagbigwas natin sa ulo kasabay ng maraming hambulos sa katawan ng labis na kinimumuhiang rehimen. Nakasalalay dito ang preserbasyon at higit pang paglakas ng ating mga pwersang gerilya at baseng masa. Ang pag-igting at paglaganap ng iba't ibang anyo ng protestang bayan at ng kabuuhan ng pakikibakang bayan ay krusyal sa pagpapabagsak sa kinasusuklamang rehimen.

Nakatali sa Oplan Bantay Laya II ang desperadong hangarin ng rehimeng Arroyo na lumpuhin ang rebolusyonaryong armadong kilusan at ang mga militanteng ligal na pwersang oposisyon bago magtapos ang termino nito. Dapat nating pag-alarang mabuti ang disensyo, direksyon, mga sangkap, mga taktika at kahinaan nito, at ihanda ang lahat ng ating pwersa sa hukbong bayan, sa rebolusyonaryong baseng masa at sa malawak na kilusang masa upang epektibo iyong maharap at magapi. Sa pagbigo at paglaban sa mga atake ng kaaway at pagsamantala sa mga kahinaan

nito, magagapi natin ang Oplan Bantay Laya II tulad ng paggapi natin sa sinundan nitong Oplan Bantay Laya I.

Nais ng rehimeng Arroyo na dagdagan ang konsentrasyon ng mga operasyong militar at pangu-nahin nitong tinatarget ng kompanya ng pangkukob at panunupil ang sangkotlo ng mga larangang gerilya ng BHB. Subalit sasampu o bahagyang mahigit lamang sa sampung larangang gerilya ang kayang konsentrahan ng reaksyunaryong hukbo sa anumang takdang panahan, at kahit gayon ay bigo itong madurog ang isang konsolidadong larangan man lamang. Ibinaling din ng Armed Forces of the Philippines ang signipikanteng bahagi

ng mga pwersa nito upang pasaklawin ang Oplan Bantay Laya II at magsawa ng pagsosona at mga kompanya ng terorismo sa mga komunidad ng maralita at manggagawa sa kalunsuran na sumusuporta sa mga progresibong partido at mga demokrati-

kong organisasyong hayag at ligal.

Hindi lamang napreserba ng hukbong bayan ang mga pwersa nito, mapanlikha pa itong nakagawa ng mga paraan para makapagmantine ng isang antas ng operasyon, maipagpatuloy ang gawain nito sa hanay ng mamamayan at tiyaking nakagaganti ito sa kaaway sa mga lugar na kinokonsentrahan nito ng atake at pinaghahasikan ng pasistang lagim. Sa mga alanganing sitwasyon, madaling makapagpapali-pat-lipat at higit na makabubwelo ang BHB sa mahigit isandaan pang larangang gerilya kung saan manapis ang latag at mahina ang mga pwersa ng kaaway at kung saan malaya pa rin ang BHB para magpalawak at magkonsolida ng lakas

at maglunsad ng mas marami pang taktikal na opensiba laban sa rehimen.

Sa gitna man ng walang puknat na mga labanan, dapat tayong magpursige sa pagpapalawak at pagpapatatag ng ating mga pwersa, larangang gerilya at baseng masa. Napakainam ng mga pagkakataon para organisahin ng BHB ang masa, magrekut ng marami pang Pulang mandirigma, magtatag ng mga lokal na organo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampolitika, tugunan ang mga pangangailangan ng masa at maglunsad ng mga taktikal na opensiba upang makasamsam ng armas at mapahi-na ang kaaway.

Ang pagpapaigting ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay koordinado sa pagpapalawak at pagpapasigla ng mga pakikibaka at kompanyang antipyudal, antipasisita at anti-imperialista. Dapat nating bigyan ng matamang pansiun ang pagsusulong ng mga kompanyang nagtagtaguyod sa kabuhayan at produksyon, edukasyon at kultura, at kalusugan ng mamamayan, at tulungan silang magkaroon ng kakayahang magkamatit ng kagayat na ginhawa man lamang sa sarisari pa nilang problema sa araw-araw.

Napaunlad pa ng Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan ang kakayahang nitong harapin ang pinraigting na mga pasistang atake at terorismo ng kaaway. Habang kailangan pa nitong magpalawak at magpalakas para sa mas malalaki pang pagsulong, sa kasalukuya'y may sapat na kakayahang at malalim at malawak na suportang masa ang BHB upang labanan ang mga atake at pananalasa ng mga pwersa ng kaaway at pagbayarin sila nang mahal sa kanilang mga pasistang krimen.

Sa kabilang todo-gera at pasistang bangis ng rehimeng Arroyo, may buong kumpyansa at kongkretoong batayan ang Partido, hukbong



bayan at rebolusyonaryong kilusan para ideklara nang may ganap na katiyakan na ang Oplan Bantay La-ya II ay mabibigo at lalabas na pu-ro kayabangan lamang.

Naglulunsad tayo ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Upang magawa ito, dapat pa tayong magbuo ng mga larangang gerilyang lakas-kumpanya at mga platung panlaban ng BHB. Pinakamainam na ang isang larangang gerilya ay may lakas-kumpanya, na may platung relati-bong nakakonsentra upang magsil-bing sentro de grabidad at may iba pang platuń na relatibong nakaka-lat bilang mga iskwad o sandata-hang yunit pampropaganda para sa pagpapaunlad ng malawak na ba-seng masa.

Ang mga milisya at mga yunit pananggol-sa-sarili na itinatayo sa bawat organisadong baryo sa mga larangang gerilya ay nagsisilbing dagdag at reserbang pwersa at bi-lang malalim na bukal ng mga rek-rut sa BHB na di hamak na mas marami sa kasalukuyang mga pultaym na mandirigma. Mapararami ang kasalukuyang bilang ng mga pul-taym na mandirigma ng BHB oras na mabigyan sila ng armas at pul-tiko-militar na pagsasanay. Kaalin-sabay, kailangang-kailangan nating magdeploy ng mas marami pang cadre at pag-ibayuhin ang pag-rekrut ng mga manggagawa at kabataang nakapag-aran mula sa kalunsuran para sa rebolusyonaryong gawain sa kanayunan at sa huk-bong bayan at mahusay silang ikumbina sa mga mandirigmang magsasaka at beterano.

Hangad nating sumulong mula sa maagang yugto ng estratehi-kong depensiba at paunlarin ang panggitnang yugto sa pamamagitan ng pagpaparami sa mga larangang gerilya at platung gerilya bi-lang mga makilos na yunit hang-gang marating natin ang abanteng

yugto kung kailan napagsanib na ang mga larangang gerilya bilang mga istableng baseng purok at na-paunlad na ang mga kumpanya bi-lang mga makilos na yunit. Inaasa-han nating sa takbo ng panahon, habang dumarami ang mga sandatang nasasamsam natin sa kaaway, makapagsasanay at makapagpau-unlad tayo ng mga tauhan at yunit ng BHB para sa mga antas ng ad-ministrasyon na mas mataas sa la-rangang gerilya at mga antas ng kumand na mas mataas sa kumand ng kumpanya sa larangang gerilya.

Batay sa mga larangang gerilya, layunin nating paunlarin ang mga munisipal, pandistrito, pam-prubinsya at panrehiyong antas ng administrasyon at kumand. Maaari na ngayong gamitin, idirihe at ikoordina ng nakatataas na mga antas ng ad-ministrasyon at ku-mand ang kumbina-syon ng mga yunit mula sa mga nakaba-babang antas para sa mga taktikal na opensiba. May kani-kanyang sentro de grabidad ang pambansang kumand sa operasyon at mga panrehiyong kumand sa operasyon.


Upang mapreserva ang mga pwersa natin at magkaroon ng tuluy-tuloy na batayan para lumaki, hindi dapat isabak sa labanan ang anumang yunit nang walang sapat na paghahanda at katiyakang mai-pagwawagi ang laban sa pamamagitan ng kalamangan sa pusisyon at lakas at ng elemento ng sorpre-sa. Hindi rin dapat isabak ang la-hat o kalakhan ng armadong lakas ng isang larangang gerilya sa anumang mapagpasyang sapalarang pakisagupa sa kaaway. Ngunit maaaring maglunsad ng mga taktikal na opensibang koordinado sa buong bansa o sa rehiyon na maa-

ring lahuhan ng mga kumand ng larangang gerilya sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensibang abot-kaya nila at hindi magsasapanganib sa pananatili at patuloy na paglaki ng lahat ng yu-nit sa ilalim ng bawat kumand. Mu-la sa mga tagumpay sa larangan ng labanan, mapatataas ang antas ng kumand, taktika, armas at teknika.

Ang BHB ay gumagamit ng mga pleksibleng taktika sa isang dig-mang makilos. Kabilang sa mga ito ang pagtitipon, paghihiwa-hiwalay at pagpapalipat-lipat. Nagtitipon ito ng sapat na pwersa upang la-mangan ang target na yunit ng ka-away. Pinipili rin nito kung kailan at saan aatake at sinusunggaban nito ang elemento ng sorpresa. Maaari itong maghiwa-hi-walay upang umatras mula sa pinag-lunsaran ng mata-gumpay na opensiba at muling magtipon sa ibang lugar, upang "maglaho" sa paningin ng uma-banteng mas malakas na pwersa ng ka-away o upang guma-

nap ng gawaing masa habang mai-nam ang sitwasyon o habang mala-yo ang pwersa ng kaaway. Pwede itong magpalipat-lipat upang sali-kupan at ilagan ang mas malakas na pwersa ng kaaway, o lumipat sa ibang lugar kapag matagal na kino-konsentrahan ng malaking pwersa ng kaaway ang isang lugar.

Ang pangunahing opensibong taktika ng BHB ay ang paglipol sa mga target na yunit ng kaaway. Ang pangunahing layunin sa pakisagupa ay lipulin ang yunit ng kaaway at samsamin ang mga ar-mas niyon. Kadalasan, nagagawa ito sa pamamagitan ng pananam-bang sa mga yunit ng kaaway. May mga pagkakataon namang pwedeng salakayin ang pusisyon ng kaaway.




Kapag hindi kayang salakayin ang isang matigas na pusisyon ng kaaway, mas matalino at mas magiting na hintaying lumabas ang kaaway para tambangan. Gayunman, kung minsay possible ring disarahan ang kaaway sa pamamagitan ng mga sorpresang reyd, pag-aresto at pagtsetsekpoyn nang walang putok o may ilang kaswalti sa panig ng kaaway.

Maraming tipo ng opensibong taktika, mula sa mga simple hanggang sa relatibong kumplikado.

Kabilang sa mga simpleng taktika ang mga ambus, reyd at pag-aresto sa pwersang kaaway sa isang limitadong lugar sa isang pagkakataon, nang walang kumplikadong deployment ng mga mandirigma ng BHB (tulad ng yunit pang-asolt, pangmantine at *blocking*). Sa mga relatibong kumplikadong taktika naman, mas mabusisi ang pagpakat ng mga tropa at mas malawak ang saklaw na panahon at lugar. Ilan sa mga taktikang ito ang pagpapain para akitin ang kaaway na imbestigahan ang isang incidente, pagambus sa isang yunit ng kaaway upang matambangan ang mas malaking reimporment, kunwang pag-atake sa Silangan upang makabira sa Kanluran, pagsalakay sa iniwan o huminang pusisyon ng kaaway, paggamit ng maliit na yunit para akitin ang kaaway tungo sa isang bitag o serye ng mga bitag, pagpapasabog sa mga sasakyang kaaway habang nakaparada, pagbigwas sa ulo ng kaaway habang abala ito sa mga tama sa katawan, at pagpapadugo sa kaaway sa liblibong sugat sa mga opensibang koordinado sa panrehiyon o pambansang antas.

Talo ang BHB kung sasabak ito



sa mga aksyon atritibong nag-aaksaya ng maraming bala nang wala namang nasasamsam na armas at bala. Ngunit pwede namang maglunsad ang BHB ng ilang aksyon atritibong pipinsala sa kaaway, tulad ng mga pagharas na hindi magastos at may lahatangpanig na pakinabang para sa BHB. Ang pang-iisnayp, pagpapaputok ng mga granada, *land mine* at *mortar* ay makapipinsala sa mga naka-sakay, naglalakad o nagpapahingang tropa ng kaaway. Sa gayo'y madedemoralisa, matataranta at di mapapalagay ang relasyon ng mga tropa ng kaaway sa kanilang mga upisyal at kapwa sundalo. Maaari ring gumamit ang BHB ng mga pampasabog at panunog upang wasakin ang mga pusisyon, instalasyon, tore at linya ng komunikasyon, bodega at sasakyang kaaway at mapwersa silang pumirmi sa pagbabantay. Mapuwersa rin ng mga aksyon ng mga armadong partisanong lunsod ang militar na matali sa pagbabantay sa kalunsuran.

Sa proseso ng labanan, namumutok tayo upang alisan ang kaaway ng kakayahang lumaban. Ngunit pagkatapos ay pinasusuko natin ang mga nais sumuko, nilalapatang natin ng lunas ang mga sugatan at nirerespeto ang mga napatay na tropa ng kaaway alinsunod sa mga Alituntunin sa Disiplina ng BHB, sa International Humanitarian Law at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law. Nasa kapasyahan ng kumander ng BHB kung dadakpin bilang bihag-digma ang mga ordinaryong sundalo. Ngunit hangga't maaari, dapat idetine upang maibestigahan kung may mga krimeng da-

pat panagutan o kung kwalipikado sa pakikipagpalitan ng bihag ang mga upisyal ng kaaway.

Ang patakaran nating maluwag na pagtrato sa mga bihag-digma ay hindi lamang usapin ng pagrespeto sa karapatang-tao, disciplina at legal na pagtalima sa Geneva Conventions at CARHRIHL. Usapin din ito ng pampulitikang pagsasa-alang-alang na ang mga sundalo ng kaaway ay nagsmula sa mga uring anakpawis at ang mga nakababa-bang upisyal ay karaniwang mula sa panggitnang uri. Usapin ito ng pagkuha ng mataas na pusisyon moral kontra sa kahayupan at pagging di makatao ng kaaway. Alinsunod sa ating patakaran ng paglalansag sa mga pwersa ng kaaway, sinisikap natin silang kumbinsihing makatarungan ang ating rebolusyonaryong adhikain at maaari silang lumahok dito o huwag na itong labanan. Gayunman, hindi natin masamain kung bumalik sila sa kanilang mga yunit at muli natin silang mabihag mula sa panig ng kaaway.

Dapat nating engganyuhin ang mga anti-imperialista at demokratikong elemento, grupo at kilusan sa loob ng reaksyunaryong hukbo at pulisia. Dapat tayong magpaunlad ng mga selula ng PKP at NDFP sa kanilang hanay nang hindi sila nagkakatukuyan. Maraming grupo ng upisyal at kani-kanilang tagasunod na kontra sa rehimeng Arroyo at mga paboritong upisyal nito. Dapat nating hikayatin ang naturing mga upisyal na anti-Arroyo na paunlarin ang kanilang pampulitika at pang-organisasyong lakas laban sa rehimeng Arroyo at huwag itong ilantad sa mga paborito ni Arroyo hanggang lumaki nang sapat ang mga kilos masa para hayagan na nilang suportahan ang mga ito. Bago magkagayon, dapat nilang isulong sa kanilang hanay ang paggalang sa karapatang-tao at sa karapatan ng mamamayan na mala-

yang magsalita at magtipon. Habang umuugnay tayo sa mga alyado sa militar at pulisia, dapat tayong magkaroon ng mga mapagkakatiwalaang ugnay at gu-mawa ng mga paniguro laban sa kontra-paniktik at pagkakanulo. Ang mga alyado ay independente sa atin katulad rin ng pagkaindependente natin sa kani-la.

Habang ipinagdiriwanag natin ang ika-38 anibersaryo ng BHB, hindi tayo nag-aabalang pag-usapan kung itutuloy ba o hindi ang negosasyong pangkawayaan sa pagitan ng GRP at NDFP, dahil sa una pa lamang ay napakalinaw na binulabog na ng rehimeng Arroyo ang naturang usapan at sumumpa itong dudurugin ang rebolusyonaryong kilusan. Iginigiit nating dapat sumunod ang GRP sa lahat ng kasunduan nito sa NDFP mula sa The Hague Joint Declaration of 1992

hanggang sa magkasanib na mga pahayag sa Oslo. At hindi natin maaaring ipagwalambahala at palampasin ang kriminal at patrayor na pagdukot at malamang na pagpatay sa mga pambansa at panrehiyong konsultant ng NDFP at mga istap nila, ang pag-*blacklist* (paglilista bilang kalaban) sa mga nagtagay ng ID ng NDFP at ang nag-iibayong paglabag ng GRP sa krapatang-tao. Buong kapasyahan at kagitingan nating tinutugon ang sigaw ng bayan para sa rebolusyonaryong pagbabago. Dapat nating gapiin ang mga brutal na kampanya ng kaaway at isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Mataas ang tiwala nating magkakamit tayo ng mas malalaking tagumpay sa pag-papaigting ng ating mga taktikal na opensiba at pag-pupunyaging isulong ang ating digmang bayan tungo sa bago at mas mataas na antas.

### III. Mga inaasahang makakamit ng digmang bayan

**H**anga't patuloy tayong inaapi at pinagsasamantalahan ng imperyalismo at lokal na reaksyon, magpupursige ang sambayanang Pilipino sa pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Patuloy tayong lalaban hanggang makamit natin ang pambansang kalayaan, matupad ang ating mga demokratikong karapatan at tumuloy sa sosyalistang rebolusyon. Inabot ng mahigit 300 taon ang mga ninuno natin bago nila nakamit ang pambansang pagkakaisa at pag-papalaya sa sarili mula sa kolonyalismong Espanyol. Di hamak na mas maikling panahon ang gugugulin para kamtin ang pambansa at panlipunang kalayaan mula sa imperyalismo at lokal na reaksyon dahil sa papalakas na pwersang nabubuo ng kasaysayan habang dumaraan ito sa mga pagtaas at pag-baba at mga pagpihit.


Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema ay nagdudulot ng labis na pagdurusa sa sambayanang Pilipino. Ngunit itinutulak sila nito para lumaban at makinibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Hindi matutupad ang sumpa ng rehimeng Arroyo na dudurugin nito ang mga rebolusyonaryong pwersa, laluna ang BHB, bago sumapit ang 2010. Sa halip, bago iyon ay may sapat na panahon ang BHB para patunayan ang kawalang-kakayahan ng rehimeng maghari, at may maganda itong pagkakataon para ibunsod ang pagbagsak ng rehimeng. Anu't anuman, dapat nating pag-ibayuhin

ang mga taktikal na opensiba at isulong ang digmang bayan tungo sa bago at mas mataas na antas. Ang kalagayang krisis ay paborable sa paglakas at pagsulong ng BHB.


Ang patakaran ng "globalisasyon neoliberal" na idinidirihe ng US at ang patakaran ng pandaigdigang gera laban sa terorismo ay nagbunsod ng walang kapantay na antas ng panibagong pandaigdigang krisis sa ekonomya at pinansya, pasismo, rasismo at relihiyong panatisismo, at mga gerang agresyon. Sa napakaikling panahon

mula nang ang US ay maging so-long *superpower*, pinabilis nito ang paglala ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Niyanig ito ng sariling panloob na krisis sa ekonomya, lipunan at pulitika at ng kumunoy sa Iraq. Ang mga pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang paglaya, demokrasya at sosyalismo ay malinaw na nagpapanibagong-sigla at umaalingawngaw sa buong daigdig.

Tiwala tayo na ang pakikibaka ng proletaryado at mamamayan ng daigdig para sa higit na kalayaan, demokrasya, katarungang panlipunan at lahatang-panig na pag-unlad ay patuloy na lalawak at mag-iibayo laban sa imperyalismo at reaksyon. Ang



papgapanibagong-sigla ng mga anti-imperialista at demokratikong pakikibaka sa buong mundo ay nakatutulong nang malaki sa paglakas at pagsulong ng rebolusyon ng Pilipino. Sa kabilang panig, nag-aambag naman ang mga rebolusyonaryong tagumpay ng sambayanang Pilipino sa pagsulong ng mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ng daigdig. **AB**



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-MaoismEspesyal na Isyu  
Marso 29, 2007[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

# Bakit matagumpay at hindi magagapi ang Bagong Hukbong Bayan at paano makasusulong ang digmang bayan tungo sa bago at mas mataas na antas

Mensahe ng Komite Sentral

Partido Komunista ng Pilipinas

Marso 29, 2007

**S**a okasyon ng ika-38 anibersaryo ng pagtatataag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), kami sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ay nagpupugay sa mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB sa kanilang matatag na paniindigan, pagpupunyagi, mga sakripsyong tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka. Iniuukol namin ang pinakamataas na parangal sa mga rebolusyonaryong martir at lahat ng kasamang nag-alay ng buong buhay nila sa rebolusyonaryong layuning maglingkod sa sambayanang Pilipino.

Pinagtibay natin ngayong araw ang panibagong kapasyahang isulong ang demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino sa pamuno ng uring manggawa at ng Partido nito laban sa imperyalismong US at lokal na mga nagsasamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa. Determinado tayong kamtin ang ganap na tagumpay sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan na hahantong sa pagbagsak ng kontra-rebolusyonarong estado at pagtatataag ng demokratikong estadong bayan. Ang Bagong Hukbong Bayan ang pangunahing sandata

ng Partido at mamamayan sa armadong rebolusyon.

Masaya nating ipinagdiriwang ang mga natipong tagumpay ng BHB mula nang itatag ito noong Marso 29, 1969. Ikinagagalak natin ang taun-taong mga tagumpay ng BHB laban sa patakaran todo-gera ng rehimeng Arroyo sa kumpas ng US. Nabigo at nagapi ng BHB ang Oplan Bantay Laya I sa loob ng limang taon (2002-2006) at nasa proseso ito ng pagdudulot ng mas marami pang pamatay na dagok laban sa Oplan Bantay Laya II, na sinimulan ng kaaway pagpasok ng taong ito. Pero nagyayabang pa rin ang pinakamataas na upisyal ng rehimeng Arroyo at ng pwersang militar at pulis na madudurog nila kundi man mapawawalang-silbi ang BHB bago umalis sa pwesto si Arroyo sa 2010.

Bilang tugon sa mga duwag na atake at kayabangan ng kaaway, ilahad natin kung bakit nagtagatagumpay at di malulupig ang BHB sa konteksto ng obhetibong sitwasyon at pag-unlad ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyon. Pagkatapos ay tutukuyin natin ang mga bulwerabilidad at mahihinang bahagi ng naghaharing sistema at ipakikita kung paano natin kokonsentrahan ang mga ito ng mga opensibang pampulitika at militar upang lalong pahinain, ihiwalay at durugin ang kaaway at isulong ang digmang bayan tungo sa bago at mas mataas na antas.

